May mananawagang isang tagapanawagan: Tunay na ukol sa inyo na lumusog kayo saka hindi kayo magkakaramdaman magpakailanman. Tunay na ukol sa inyo na mabuhay kayo saka hindi kayo mamatay magpakailanman. Tunay na ukol sa inyo na bumata kayo saka hindi kayo tumanda magpakailanman. Tunay na ukol sa inyo na guminhawa kayo saka hindi kayo magmiserable magpakailanman

Ayon kina Abū Sa`īd Al-Khuḍrīy at Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "May mananawagang isang tagapanawagan: Tunay na ukol sa inyo na lumusog kayo saka hindi kayo magkakaramdaman magpakailanman. Tunay na ukol sa inyo na mabuhay kayo saka hindi kayo mamatay magpakailanman. Tunay na ukol sa inyo na bumata kayo saka hindi kayo tumanda magpakailanman. Tunay na ukol sa inyo na guminhawa kayo saka hindi kayo magmiserable magpakailanman." Kaya iyon ang sabi Niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Tatawagin sila: "Iyon ay ang Paraiso; ipinamana sa inyo iyon dahil sa dati ninyong ginagawa."} (Qur'ān 7:43)
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Bumanggit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na may mananawagan sa mga maninirahan sa Paraiso na isang tagapanawagan habang sila roon ay nagpapakaginhawa: "Tunay na ukol sa inyo na lumusog kayo saka hindi kayo magkasakit sa Paraiso magpakailanman, gaano man kumaunti ang sakit. Tunay na ukol sa inyo na mabuhay saka hindi kayo mamatay rito magpakailanman, kahit pa man isang pagkatulog, na isang maliit na pagkamatay. Tunay na ukol sa inyo na bumata kayo saka hindi kayo tumanda rito magpakailanman. Tunay na ukol sa inyo na guminhawa kayo saka hindi kayo malungkot o magmiserable rito magpakailanman." Kaya iyon ang sabi Niya (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Tatawagin sila: "Iyon ay ang Paraiso; ipinamana sa inyo iyon dahil sa dati ninyong ginagawa."} (Qur'ān 7:43)